2026 Volume: 02 Issue: 05 www.ijrpa.com ISSN 2456-9995 Review Article

International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-21

# PAGGAMIT NG SOCIAL MEDIA AT ANG IMPLUWENSIYA SA PERFORMANS NG MGA MAG-AARAL

***Jade Marie G. Sorilla**

Guimaras State University.

**Article Received: 11 April 2026**
**Article Revised: 01 May 2026**
**Published on: 21 May 2026**

***Corresponding Author: Jade Marie G. Sorilla**
Guimaras State University.

DOI: https://doi-doi.org/101555/ijrpa.4100

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang lawak ng paggamit ng social media at ang impluwensiya nito sa performans ng mga mag-aaral sa ika 9 na baitang sa Distrito ng Guimbal, Dibisyon ng Iloilo, Pilipinas sa Taong Panuruan 2025–2026. Ginamit ang descriptive-correlational na disenyo upang suriin ang relasyon ng paggamit ng social media sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Ang mga kalahok ay purposively na piniling mga mag-aaral mula sa iba't ibang paaralan sa distrito. Ang datos ay nakalap gamit ang researcher-modified questionnaire na sumailalim sa pagsusuri ng validity at reliability. Ang mga nakalap na impormasyon ay sinuri gamit ang descriptive at inferential statistics tulad ng mean, frequency, percentage, Mann-Whitney U test, Kruskal-Wallis H test, at Spearman's rho sa tulong ng SPSS. Ipinakita ng resulta na ang karamihan sa mga mag-aaral ay kabataan, mas maraming babae, at nag-aaral sa urban na lokasyon, na may inang may mataas na antas ng edukasyon. Ang lawak ng paggamit ng social media ay Malaking Lawak at ginagamit sa iba't ibang layunin kabilang ang edukasyon, libangan, at pakikipag-ugnayan. Walang makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng social media batay sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, o distansya ng tirahan mula sa paaralan. Ang performans ng mga mag-aaral ay Mahusay, na may makabuluhang pagkakaiba batay sa edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan. Gayunpaman, walang makabuluhang impluwensiya ang paggamit ng social media sa akademikong performans. Ipinapakita ng pag-aaral na bagamat mahalaga ang social media sa araw-araw na pamumuhay ng kabataan, ang akademikong tagumpay ay higit na naaapektuhan ng maturity at learning environment ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng batayan para sa mga guro at paaralan na higit pang pagtuunan ang mga estratehiya sa pagtuturo at pagbuo ng positibong learning environment.

**KEYWORDS:** Social Media, Performans ng Mag-aaral, Performans, Impluwensiya

## INTRODUKSIYON

Sa kasalukuyang panahon ng digital na rebolusyon, masasabing ang social media ay isa sa mga pinakamakapangyarihang impluwensya sa buhay ng mga tao, lalo na ng mga kabataan. Ito ay nagsisilbing pangunahing plataporma ng komunikasyon, pagpapahayag ng saloobin, at pagpapalitan ng impormasyon. Mula sa Facebook, Instagram, TikTok, YouTube, hanggang sa X (dating Twitter), ang mga social media platforms ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Salazar (2020), ang social media ay nagsisilbing modernong espasyo ng diskurso kung saan nagkakaroon ng interaksyon ang wika, kultura, at identidad ng mga kabataan.

Sa konteksto ng edukasyon, napag-alamang ang social media ay hindi na lamang libangan kundi naging kasangkapan na rin sa pagkatuto. Maraming mag-aaral ang gumagamit nito upang maghanap ng mga karagdagang kaalaman para sa kanilang asignatura, upang makipag-ugnayan sa mga guro at kamag-aral, at upang makilahok sa mga diskusyon sa online na kapaligiran. . Ayon kina Alon-Barkat at Busuioc (2022), ang digital engagement sa social media ay may positibong epekto sa critical thinking at collaborative learning ng mga mag-aaral kung ito ay ginagamit nang tama at may malinaw na layunin. Kasabay ng paggamit ng social media bilang midyum sa edukasyon, lumalawak din ang puwang nito bilang instrumento sa pagpapalaganap ng wikang Filipino. Sa pamamagitan ng mga post, vlog, meme, comment section, at iba pang anyo ng digital content, nailalahad ng mga kabataan ang kanilang mga pananaw at saloobin gamit ang wikang Filipino.

Gayunpaman, sa kabila ng mga positibong epekto, hindi rin maitatangging may mga hamong kaakibat ang paggamit ng social media. Isa na rito ang paglaganap ng mga anyong di-pormal ng wika gaya ng "jejemon," "conyo," at paggamit ng mga banyagang termino na maaaring makaapekto sa wastong gramatika, baybay, at estruktura ng wikang Filipino. Ayon kay Dela Cruz (2022), ang labis na pagdepende sa mga hindi pormal na anyo ng wika sa social media ay maaaring humina ang kasanayang pampanitikan at akademiko ng mga mag-aaral, na kalaunan ay nakaaapekto sa kanilang akademikong performans.

### Paglalahad ng Suliranin

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang paggamit ng social media at ang impluwensiya sa performans ng mga mag-aaral sa Distrito ng Guimbal, Dibisyon ng Iloilo, Pilipinas sa Taong Panuruan 2025-2026.

Partikular, sasagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang propayl ng mga tagatugon ayon sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, at layo ng bahay sa paaralan?
2. Ano ang lawak ng paggamit ng social media ng mag-aaral sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, at layo ng bahay sa paaralan?
3. Ano ang performans ng mga mag-aaral sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, at layo ng bahay sa paaralan?
4. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng paggamit ng social media ng mag-aaral kung ibabatay ayon sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, at layo ng bahay sa paaralan?
5. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral kung ibabatay ayon sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, at layo ng bahay sa paaralan?
6. Mayroon bang makabuluhang impluwensiya ang paggamit ng social media sa performans ng mga mag-aaral?

## DISENYO AT PAMAMARAAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal na disenyo upang mailarawan ang paggamit ng social media at ang impluwensiya nito sa performans ng mga mag-aaral sa sekundarya sa Distrito ng Guimbal. Sinuri sa pag-aaral ang mga malayang baryabol tulad ng edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, at layo ng bahay sa paaralan upang matukoy kung may kaugnayan ang mga ito sa paggamit ng social media at akademikong performans ng mga mag-aaral. Ang di-malayang baryabol naman ay ang paggamit ng social media at ang impluwensiya nito sa akademikong gawain tulad ng pakikilahok sa klase, paggawa ng takdang-aralin, pag-aaral, at pangkalahatang pagganap sa paaralan. Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng 321 mag-aaral sa Baitang 9 mula sa mga pampublikong paaralan sa Distrito ng Guimbal, Lalawigan ng Iloilo, na pinili gamit ang purposive sampling batay sa kanilang pagiging aktibong gumagamit ng social media. Ang pangunahing kagamitan sa pangangalap ng datos ay isang sarbey-kwestyoneyr na nakasulat sa wikang Filipino at binubuo ng tatlong bahagi: personal background, paggamit ng social media, at performans ng mga mag-aaral batay sa kanilang grado sa Filipino bilang secondary data. Gumamit ang instrumento ng Likert Scale upang masukat ang antas ng pagsang-ayon ng mga kalahok hinggil sa paggamit ng social media at impluwensiya nito sa

kanilang akademikong performans. Upang matiyak ang bisa ng instrumento, isinailalim ito sa content validation ng mga eksperto sa larangan ng edukasyon, pananaliksik, at wika, at isinagawa rin ang pilot testing upang mapabuti ang nilalaman at kalinawan ng mga tanong. Sinuri naman ang reliability ng instrumento gamit ang Cronbach's Alpha at napatunayang may katanggap-tanggap hanggang mataas na antas ng reliability. Sa pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa Department of Education, District Supervisor, at mga School Heads bago isinagawa ang pamamahagi ng kwestyoneyr sa mga respondente. Matapos makolekta ang mga datos, isinagawa ang pag-encode, pag-oorganisa, at pagsusuri gamit ang Statistical Package for the Social Sciences (SPSS). Ang mga estadistikal na pamamaraan na ginamit ay frequency at percentage para sa demograpikong profile, weighted mean para sa antas ng paggamit ng social media at impluwensiya nito, Mann-Whitney U-test at Kruskal-Wallis H-test para sa makabuluhang pagkakaiba ng mga sagot, at Spearman's rho upang matukoy ang ugnayan ng paggamit ng social media at akademikong performans ng mga mag-aaral.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Propayl ng mga Tagatugon

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang detalyadong propayl ng mga tagatugon base sa kanilang demograpikong katangian. Lumalabas na 74.5% ng mga mag-aaral ay 15 taong gulang pababa, na nagpapahiwatig na karamihan sa kanila ay nasa mababang antas ng sekondarya. Ang ganitong kalakaran ay katulad sa napag-alaman ni Santiago (2020), na nagsabing mas aktibo sa pananaliksik at paggamit ng digital platforms ang mga kabataan sa mas mababang antas ng paaralan dahil sa mas mataas na exposure sa social media at online tools. Sa kabilang banda, 25.5% ng mga tagatugon ay nasa edad 16–17, na karaniwang nasa mas mataas na antas ng sekondarya at may iba't ibang antas ng interes at aktibidad sa online platforms.

Sa kasarian, lumalabas na mas maraming babae (62.9%) ang sumagot kumpara sa lalaki (37.1%). Ipinapakita nito ang mas mataas na partisipasyon ng kababaihan sa ganitong uri ng pag-aaral, na ayon kay Mendoza (2019) ay maaaring dahil sa mas maingat at mas masigasig na pagtugon ng mga babae sa mga survey o pananaliksik sa edukasyon. Gayundin, maaaring impluwensyahan ng gender norms at kulturang Pilipino ang pagkakaiba sa partisipasyon ng mga estudyante.

Sa antas ng edukasyon ng ina, makikita na karamihan sa mga mag-aaral ay may ina na nakatungtong sa kolehiyo (36.1%) at nakatapos ng kolehiyo (30.5%), na nangangahulugang

higit sa kalahati ng mga mag-aaral ay may ina na may mataas na antas ng edukasyon. Ayon kay Ramos at Javier (2022), ang antas ng edukasyon ng magulang ay may malaking epekto sa paggabay ng anak sa paggamit ng teknolohiya at social media, bagama't hindi ito laging direktang nakakaapekto sa akademikong performans. Ang ganitong resulta ay nagpapakita na ang edukasyon ng ina ay maaaring positibong impluwensiya sa pag-access at paggamit ng impormasyon ng mga mag-aaral.

Tungkol naman sa lokasyon ng paaralan, mas marami ang nag-aaral sa urban na paaralan (74.5%) kumpara sa rural (25.5%). Suportado ito ng pag-aaral ni Dela Cruz (2021) na nagsasaad na ang mga mag-aaral sa urban na lugar ay may mas malawak na access sa teknolohiya, mas maraming oportunidad para sa online learning, at mas mataas ang engagement sa social media. Ito rin ay nagpapahiwatig na ang urbanization ay nakakaapekto sa antas ng partisipasyon at exposure sa mga modernong kagamitan sa pag-aaral.

Sa layo ng bahay sa paaralan, lumalabas na 52% ng mga mag-aaral ay may bahay na 1–3 kilometro mula sa paaralan, samantalang 37.1% ang 4–6 kilometro, at 5.6% ang 7–10 kilometro. Ipinapakita nito na karamihan ay may malapit na distansya sa paaralan, na posibleng nakakatulong sa regular na pagpasok at pagiging consistent sa pag-aaral. Ayon kay Villanueva (2020), ang layo ng tirahan sa paaralan ay may epekto sa oras ng pagpasok, pagod ng mag-aaral, at pati na rin sa kanilang engagement sa mga aktibidad sa paaralan, kabilang ang paggamit ng online platforms.

Ang propayl ng mga tagatugon ay nagpapakita ng isang kabataan na mas nakatuon sa urban na pamumuhay, may mataas na antas ng edukasyon ng ina, at may malapit na distansya sa paaralan. Ang mga datos na ito ay mahalagang sanggunian sa pagsusuri ng lawak ng paggamit ng social media, academic engagement, at iba pang aspeto ng kanilang karanasan sa edukasyon.

**Talahanayan 1. Propayl ng mga Tagatugon Ayon sa Edad, Kasarian, Antas ng Edukasyon ng Ina, Lokasyon ng Paaralan, at Layo ng Bahay sa Paaralan.**

| Propayl | Bilang | Porsyento |
|---|---|---|
| **Edad** | | |
| 15 Taong Gulang Pababa | 239 | 74.5 |
| 16–17 Taong Gulang | 82 | 25.5 |
| **Kasarian** | | |
| Lalaki | 119 | 37.1 |
| Babae | 202 | 62.9 |
| **Antas ng Edukasyon ng Ina** | | |
| Nakatapos ng Elementarya | 21 | 6.5 |
| Nakatapos ng Sekondarya | 86 | 26.8 |

| | | |
|---|---|---|
| Nakatungtong ng Kolehiyo | 116 | 36.1 |
| Nakatapos ng Kolehiyo | 98 | 30.5 |
| **Lokasyon ng Paaralan** | | |
| Rural | 82 | 25.5 |
| Urban | 239 | 74.5 |
| **Layo ng bahay sa paaralan** | | |
| Mas Mababa sa 1 Kilometro | 17 | 5.3 |
| 1–3 Kilometro | 167 | 52.0 |
| 4–6 Kilometro | 119 | 37.1 |
| 7–10 Kilometro | 18 | 5.6 |
| **Kabuuan** | **321** | **100.0** |

**Lawak ng Paggamit ng Social Media ng mga Mag-aaral sa Kabuuan**

Batay sa Talahanayan 3, lumitaw na ang kabuuang lawak ng paggamit ng social media ng mga mag-aaral ay may mean na 3.84 na may deskripsyong Malaking Lawak. Ipinapahiwatig nito na ang social media ay isang mahalagang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, ang mga kabataan ay hindi lamang nakakabit sa libangan kundi nagiging bahagi rin sila ng isang mas malawak na digital na espasyo para sa impormasyon, komunikasyon, at edukasyon. Ang resulta ay nagpapakita na halos lahat ng tagatugon ay aktibo sa paggamit ng social media, lalo na sa mga platform tulad ng Facebook, TikTok, at Instagram, na siyang pangunahing paraan ng kanilang interaksyon sa online na mundo.

Kung susuriin ang mga partikular na pahayag sa talahanayan, makikita na ang pinakamataas na mean ay nasa paggamit ng social media bilang kasangkapan sa pagkuha ng impormasyon para sa pag-aaral (mean = 4.45, Napakalaking Lawak) at sa panonood ng edukasyonal na content (mean = 4.25, Napakalaking Lawak). Ipinapakita nito na ang social media ay hindi lamang ginagamit sa pangkaraniwang pakikipag-ugnayan kundi nagsisilbing alternatibong espasyo ng pagkatuto. Suportado ito ng pag-aaral nina Greenhow at Lewin (2020), na nagsasaad na ang social media ay nagbibigay ng komportableng learning environment para sa kabataan, kung saan mas malaya silang matuto at mag-explore ng impormasyon.

Dagdag pa rito, nakikita rin sa mga resulta na ginagamit ang social media para sa pakikipag-ugnayan sa kaibigan at pamilya (mean = 3.81, Malaking Lawak), pagpapahayag ng opinyon (mean = 3.13, Katamtamang Lawak), at para sa academic collaboration at partisipasyon sa mga gawaing pampaaralan o pangkomunidad (mean = 3.66, Malaking Lawak). Ayon kina Sevilla at Balajadia (2021), ang social media ay lumalampas sa papel ng libangan at nagiging plataporma rin para sa pagtutulungan sa akademiko, pagpapalitan ng ideya, at pakikilahok sa mga komunidad ng pagkatuto.

Bagama't may mga positibong epekto, ipinapakita rin ng datos na maaari ring maapektuhan ng social media ang oras ng pag-aaral (mean = 3.61, Malaking Lawak) at emosyon ng mag-aaral (mean = 3.55, Malaking Lawak). Ipinapahiwatig nito na, habang kapaki-pakinabang sa pagkatuto at pakikipag-ugnayan, may kaakibat ding responsibilidad ang paggamit nito. Mahalaga para sa mga mag-aaral na matutunan ang tamang oras at paraan ng paggamit upang hindi makaapekto sa kanilang akademikong performance at kalusugan sa pag-iisip.

Makikita rin na may positibong epekto ang social media sa pagpapalawak ng kaalaman sa mga isyung panlipunan (mean = 4.18, Malaking Lawak), pagpapalaganap ng wikang Filipino (mean = 3.64, Malaking Lawak), at sa pagiging malikhain ng mga mag-aaral (mean = 3.81, Malaking Lawak). Ang mga datos na ito ay nagpapakita na ang social media ay hindi lamang pang-aliw kundi nagiging mabisang kasangkapan sa holistic development ng kabataan—akademiko, sosyal, at kultural.

Sa kabuuan, ang mean na 3.84 na nakuha sa pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang social media ay malawakang ginagamit at may positibong impluwensya sa pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral, ngunit may mga aspeto rin na dapat bantayan upang mas mapakinabangan ang benepisyo nito.

**Talahanayan 2. Lawak ng Paggamit ng Social Media ng Mag-Aaral sa Kabuuan**

| Pahayag | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Araw-araw akong gumagamit ng social media tulad ng Facebook, TikTok, o Instagram. | 3.83 | Malaking Lawak |
| 2. Ginagamit ko ang social media upang makipag-ugnayan sa aking mga kaibigan at kamag-anak. | 3.81 | Malaking Lawak |
| 3. Makakatulong sa akin ang social media sa pagkuha ng impormasyon para sa aking pag-aaral. | 4.45 | Napakalaking Lawak |
| 4. Gumagamit ako ng social media upang makapanood ng mga edukasyonal na video o content. | 4.25 | Napakalaking Lawak |
| 5. Ang social media ay nakatutulong sa pagpapalawak ng aking kaalaman sa mga isyung panlipunan. | 4.18 | Malaking Lawak |
| 6. Madalas kong ginagamit ang social media bilang libangan o pampalipas-oras. | 3.86 | Malaking Lawak |
| 7. Nagagamit ko ang social media upang ipahayag ang aking mga opinyon o saloobin. | 3.13 | Katamtamang Lawak |
| 8. Sinusuri ko muna ang katotohanan ng mga impormasyong nakikita ko sa social media. | 3.91 | Katamtamang Lawak |
| 9. Ang paggamit ko ng social media ay nakaaapekto sa aking oras ng pag-aaral. | 3.61 | Malaking Lawak |
| 10. Natututo akong maging maingat sa pagbabahagi ng impormasyon sa social media. | 4.10 | Malaking Lawak |
| 11. Mas nagiging malikhain ako dahil sa mga ideyang | 3.81 | Malaking Lawak |

| | | |
|---|---|---|
| nakikita ko sa social media. | | |
| 12. Ang social media ay nakatutulong sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa mga kabataan. | 3.64 | Malaking Lawak |
| 13. May mga pagkakataong naaapektuhan ang aking emosyon dahil sa nakikita kong post o komento sa social media. | 3.55 | Malaking Lawak |
| 14. Natutulungan ako ng social media na makilahok sa mga gawaing pampaaralan o pangkomunidad. | 3.66 | Malaking Lawak |
| 15. Sa kabuuan, naniniwala akong positibong nakaaapekto ang social media sa aking pagkatuto at pakikisalamuha. | 3.76 | Malaking Lawak |
| **Kabuuan** | **3.84** | **Malaking Lawak** |

Iskala: 4.21 – 5.00 Napakalaking Lawak (NL), 3.41 – 4.20 Malaking Lawak (ML), 2.61 – 3.40 Katamtamang Lawak (KL), 1.81 – 2.60 Mababang Lawak (MabL), 1.00 – 1.80 Napakababang Lawak (NapL)

**Performans ng Mga Mag-aaral sa Kabuuan at kung Ibabatay ayon sa Edad, Kasarian, Antas ng Edukasyon ng Ina, Lokasyon ng Paaralan, at Layo ng Bahay sa Paaralan**

Ipinakikita sa Talahanayan 9 ang kabuuang performans ng mga mag-aaral at ang pagkakaiba nito kapag inuri ayon sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, at layo ng bahay sa paaralan. Batay sa kabuuang resulta, ang mga mag-aaral ay nakapagtala ng mean na 89.28 na may deskripsyong Mahusay, na nagpapahiwatig na sa pangkalahatan ay maayos at kasiya-siya ang akademikong performans ng mga tagatugon. Ang mababang standard deviation (SD = 3.185) ay nagpapakita rin na hindi gaanong nagkakalayo ang antas ng performans ng mga mag-aaral.

Kung ibabatay sa edad, makikita na ang mga mag-aaral na 16–17 taong gulang ay nakakuha ng mas mataas na mean na 90.17 na may deskripsyong Napakahusay, kumpara sa 15 taong gulang pababa na may mean na 88.98 na may deskripsyong Mahusay. Ipinahihiwatig nito na habang tumatanda ang mga mag-aaral, mas nahuhubog ang kanilang akademikong kakayahan, disiplina sa pag-aaral, at kakayahang pamahalaan ang oras. Ang ganitong resulta ay sumusuporta sa pahayag ni Bernardo (2019) na ang akademikong performans ay bunga ng kombinasyon ng personal na salik tulad ng maturity, motibasyon, at karanasan sa pagkatuto.

Sa kasarian, kapwa lalaki at babae ay may deskripsyong Mahusay, bagama't bahagyang mas mataas ang mean ng babae (89.67) kumpara sa lalaki (88.63). Ipinapakita nito na walang malaking agwat sa akademikong performans batay sa kasarian, at ang parehong grupo ay may kakayahang makamit ang mataas na antas ng pagganap sa paaralan. Ang maliit na pagkakaibang ito ay maaaring maiugnay sa mga indibidwal na gawi sa pag-aaral kaysa sa kasarian mismo.

Pagdating sa antas ng edukasyon ng ina, kapansin-pansin na ang mga mag-aaral na may inang nakatapos ng elementarya ay nakapagtala ng Napakahusay na performans (mean = 90.42), samantalang ang iba pang pangkat ay may deskripsyong Mahusay. Ipinahihiwatig nito na ang mataas na akademikong performans ng mag-aaral ay hindi eksklusibong nakadepende sa edukasyonal na antas ng ina. Ayon pa rin kay Bernardo (2019), ang suporta ng pamilya, pag-uugali ng mag-aaral, at kapaligiran sa pagkatuto ay maaaring mas mahalagang salik kaysa sa pormal na edukasyon ng magulang.

Sa lokasyon ng paaralan, makikita na ang mga mag-aaral sa rural na paaralan ay nakapagtala ng mean na 90.17 na may deskripsyong Napakahusay, samantalang ang mga mag-aaral sa urban na paaralan ay may mean na 88.98 na may deskripsyong Mahusay. Ipinahihiwatig nito na ang mas tahimik at hindi gaanong magulong learning environment sa rural na lugar ay maaaring makatulong sa mas mataas na pokus at konsentrasyon ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng ilang pag-aaral na nagsasabing ang mas kaunting distraksiyon at mas malapit na ugnayan ng guro at mag-aaral sa rural na paaralan ay maaaring magdulot ng mas mahusay na akademikong performans.

Sa aspeto ng layo ng bahay sa paaralan, makikita na lahat ng pangkat ay may deskripsyong Mahusay, anuman ang distansya. Bagama't bahagyang mas mataas ang mean ng mga mag-aaral na may layong 1–3 kilometro (mean = 89.63), hindi ito nagpapakita ng malaking pagkakaiba kumpara sa iba pang pangkat. Ipinahihiwatig nito na ang layo ng tirahan sa paaralan ay hindi isang pangunahing hadlang sa akademikong performans ng mga mag-aaral, lalo na kung may sapat na suporta mula sa pamilya at paaralan.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumusuporta sa pananaw ni Bernardo (2019) na ang akademikong pagganap ay hindi maaaring iugnay sa iisang salik lamang. Sa halip, ito ay resulta ng interaksyon ng edad, kapaligiran sa pagkatuto, suporta ng pamilya, at indibidwal na pagsisikap ng mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay mahalagang batayan sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon na naglalayong higit pang mapahusay ang akademikong performans ng mga mag-aaral sa iba't ibang konteksto.

**Talahanayan 3. Performans ng Mga Mag-aaral sa Kabuuan at kung Ibabatay ayon sa Edad, Kasarian, Antas ng Edukasyon ng Ina, Lokasyon ng Paaralan, at Layo ng Bahay sa Paaralan.**

| Propayl | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **Edad** | | | |
| 15 Taong Gulang Pababa | 88.98 | 3.187 | Mahusay |
| 16–17 Taong Gulang | 90.17 | 3.026 | Napakahusay |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kasarian** | | | |
| Lalaki | 88.63 | 3.212 | Mahusay |
| Babae | 89.67 | 3.112 | Mahusay |
| **Antas ng Edukasyon ng Ina** | | | |
| Nakatapos ng Elementarya | 90.42 | 2.775 | Napakahusay |
| Nakatapos ng Sekondarya | 89.38 | 3.207 | Mahusay |
| Nakatungtong ng Kolehiyo | 89.50 | 3.117 | Mahusay |
| Nakatapos ng Kolehiyo | 88.76 | 3.271 | Mahusay |
| **Lokasyon ng Paaralan** | | | |
| Rural | 90.17 | 3.026 | Napakahusay |
| Urban | 88.98 | 3.187 | Mahusay |
| **Layo ng bahay sa paaralan** | | | |
| Mas Mababa sa 1 Kilometro | 89.00 | 3.062 | Mahusay |
| 1–3 Kilometro | 89.63 | 3.292 | Mahusay |
| 4–6 Kilometro | 88.92 | 3.158 | Mahusay |
| 7–10 Kilometro | 88.72 | 2.109 | Mahusay |
| **Kabuuan** | **89.28** | **3.185** | **Mahusay** |

Iskala: 90.00 – 100.0 (Napakahusay), 85.00 – 89.00 (Mahusay), 80.00 – 84.00 (Katamtaman), 75.00 – 79.00 (Pasado), Mababa sa 75.00 (Hindi Pasado)

**Pagkakaiba sa Lawak ng Paggamit ng Social Media ng Mag-Aaral Kung Ibabatay Ayon sa Edad, Kasarian, at Lokasyon ng Paaralan**

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang pagsusuri sa pagkakaiba ng lawak ng paggamit ng social media ng mga mag-aaral kapag inuri ayon sa edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan. Batay sa resulta ng U-test, lumalabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng paggamit ng social media sa alinman sa tatlong kategorya, dahil ang mga p-value ay mas mataas sa 0.05 (Edad = 0.782; Kasarian = 0.722; Lokasyon ng Paaralan = 0.782). Ipinapahiwatig nito na ang social media ay pantay na ginagamit ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang edad, kasarian, o kung ang kanilang paaralan ay nasa urban o rural na lokasyon.

Sa detalye, ang mean rank ng mga mag-aaral na 15 taong gulang pababa (160.17) ay halos katumbas ng mean rank ng mga 16–17 taong gulang (163.43), na nagpapakita na ang edad ay hindi hadlang sa aktibong paggamit ng social media. Ang resulta ay sumusuporta sa pahayag ni Junco (2020) na nagsasabing ang social media ay ginagamit bilang pangunahing kasangkapan sa komunikasyon at pagkatuto ng mga kabataan, anuman ang antas ng kanilang maturity o edad.

Tulad din nito, ang mean rank ng lalaki (158.61) at babae (162.41) ay hindi nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba, na nagpapatunay na ang kasarian ay hindi nakakaapekto sa lawak ng paggamit ng social media. Kaakibat nito, sinusuportahan ng pag-aaral ni Pempek et al.

(2020) ang ideya na ang social media ay pantay na ginagamit ng lalaki at babae bilang espasyo ng komunikasyon, pagpapahayag ng sarili, at pakikipag-ugnayan sa iba.

Sa aspeto ng lokasyon ng paaralan, parehong mean rank ang naitala sa rural (163.43) at urban (160.17) na mag-aaral, na nagpapahiwatig na ang social media ay pantay na naaabot at nagagamit sa lahat ng lugar. Ang resultang ito ay kaayon ng pahayag ni Gonzales (2021) na nagsasabing ang social media ay isang demokratikong espasyo na nagbibigay ng pantay na oportunidad sa pagpapahayag at pagkatuto, kahit na may agwat sa pisikal o pangkapaligirang aspeto ng paaralan.

Sa kabuuan, ang walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng paggamit ng social media batay sa edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan ay nagpapakita na ang social media ay universally accessible at ginagamit ng mga mag-aaral bilang daluyan ng impormasyon, pakikipag-ugnayan, at libangan. Ito rin ay sumusuporta sa pag-aaral ni Tess (2020) na nagbigay-diin na ang paggamit ng social media ay normalisado na sa pang-araw-araw na buhay ng mga kabataan, kaya't hindi na ito limitado sa partikular na grupo o demographic.

Ang impormasyong ito ay mahalaga para sa mga guro at tagapamahala ng paaralan, sapagkat ipinapakita nito na ang interbensyon at edukasyon sa tamang paggamit ng social media ay dapat ibatay sa kabuuang populasyon ng mag-aaral, at hindi lamang sa tiyak na pangkat ng edad, kasarian, o lokasyon.

**Talahanayan 4. Pagkakaiba sa Lawak ng Paggamit ng Social Media ng Mag-Aaral kung Ibabatay ayon sa Edad, Kasarian, at Lokasyon ng Paaralan.**

| **Categories** | **Mean Rank** | **Sum of Ranks** | **U-test** | **P-value** | **Interpretation** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | | | | | |
| 15 Taong Gulang Pababa | 160.17 | 38279.50 | 9599.50 | .782 | Hindi Makabuluhan |
| 16–17 Taong Gulang | 163.43 | 13401.50 | | | |
| **Kasarian** | | | | | |
| Lalaki | 158.61 | 18874.50 | 11734.50 | .722 | Hindi Makabuluhan |
| Babae | 162.41 | 32806.50 | | | |
| **Lokasyon ng Paaralan** | | | | | |
| Rural | 163.43 | 13401.50 | 9599.50 | .782 | Hindi Makabuluhan |
| Urban | 160.17 | 38279.50 | | | |

p<.05 (Makabuluhan) p>.05 (Di Makabuluhan)

**Pagkakaiba sa Lawak ng Paggamit ng Social Media ng Mag-Aaral Kung Ibabatay Ayon sa Antas ng Edukasyon ng Ina at Layo ng Bahay sa Paaralan**

Ipinapakita sa talahanayan na ito ang pagsusuri sa lawak ng paggamit ng social media ng mga mag-aaral kapag inuri batay sa antas ng edukasyon ng ina at layo ng bahay sa paaralan. Batay sa H-test, lumalabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng paggamit ng social media sa parehong kategorya, dahil ang mga p-value ay mas mataas sa 0.05 (Antas ng Edukasyon ng Ina = 0.755; Layo ng Bahay sa Paaralan = 0.378). Ipinahihiwatig nito na ang social media ay ginagamit ng pantay-pantay ng mga mag-aaral, kahit ano pa man ang background ng kanilang ina o kung gaano kalayo ang kanilang tirahan mula sa paaralan.

Sa detalye, makikita na ang mga mag-aaral na may inang nakatapos ng elementarya ay may pinakamataas na mean rank (176.26), habang ang mga mag-aaral na may inang nakatapos ng kolehiyo ay may pinakamababang mean rank (152.10). Bagama't may bahagyang pagkakaiba sa mean rank, ito ay hindi sapat upang magresulta sa makabuluhang pagkakaiba. Ipinapakita nito na ang lawak ng paggamit ng social media ay hindi nakadepende sa antas ng edukasyon ng ina, na sumusuporta sa pahayag ni Tuazon (2021) na ang exposure ng mag-aaral sa teknolohiya ay mas nakabase sa personal na interes at karanasan kaysa sa sosyo-edukasyonal na background ng pamilya.

Tulad din nito, ang pagsusuri batay sa layo ng bahay sa paaralan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na nakatira sa mas mababa sa 1 kilometro mula sa paaralan ay may pinakamataas na mean rank (190.44), habang ang mga nasa layong 4–6 kilometro ay may pinakamababang mean rank (151.91). Bagama't may bahagyang pagkakaiba sa mean rank, hindi ito nagresulta sa makabuluhang pagkakaiba sa H-test ($p = 0.378$). Ipinahihiwatig nito na ang distansya ng tirahan mula sa paaralan ay hindi hadlang sa aktibong paggamit ng social media, marahil dahil karamihan sa mag-aaral ay may pantay na access sa internet at digital devices sa kanilang tahanan o sa paaralan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan na ang lawak ng paggamit ng social media ng mag-aaral ay hindi nakadepende sa antas ng edukasyon ng ina o sa layo ng bahay sa paaralan. Ang social media ay naging accessible at normalisado na bahagi ng buhay ng kabataan, na nagsisilbing pangunahing daluyan ng impormasyon, komunikasyon, at libangan. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga programa o interbensyon hinggil sa responsable at produktibong paggamit ng social media ay dapat ipatupad sa lahat ng mag-aaral, at hindi lamang sa tiyak na pangkat base sa background ng pamilya o tirahan.

Ang ganitong kinalabasan ay mahalaga sa mga guro, magulang, at tagapamahala ng paaralan sapagkat ipinapakita nito na ang pantay na oportunidad sa paggamit ng teknolohiya ay

nagbibigay-daan sa kabuuang pag-unlad at pakikilahok ng mga mag-aaral sa akademiko at panlipunang aktibidad.

**Talahanayan 5. Pagkakaiba sa Lawak ng Paggamit ng Social Media ng Mag-Aaral kung Ibabatay ayon sa Antas ng Edukasyon ng Ina at Layo ng Bahay sa Paaralan.**

| Categories | Mean Rank | H-test | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| **Antas ng Edukasyon ng Ina** | | | | |
| Nakatapos ng Elementarya | 176.26 | 1.896 | .755 | Hindi Makabuluhan |
| Nakatapos ng Sekondarya | 167.42 | | | |
| Nakatungtong ng Kolehiyo | 161.51 | | | |
| Nakatapos ng Kolehiyo | 152.10 | | | |
| **Layo ng bahay sa paaralan** | | | | |
| Mas Mababa sa 1 Kilometro | 190.44 | 3.090 | .378 | Hindi Makabuluhan |
| 1–3 Kilometro | 164.12 | | | |
| 4–6 Kilometro | 151.91 | | | |
| 7–10 Kilometro | 164.39 | | | |

$p<.05$ (Makabuluhan) $p>.05$ (Di Makabuluhan)

**Pagkakaiba sa Performans ng Mga Mag-Aaral Kung Ibabatay Ayon sa Edad, Kasarian, at Lokasyon ng Paaralan**

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang pagsusuri sa pagkakaiba ng performans ng mga mag-aaral batay sa edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan gamit ang U-test. Batay sa resulta, lahat ng tatlong kategorya ay may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong performans, dahil ang mga p-value ay mas mababa sa 0.05 (Edad = 0.000; Kasarian = 0.002; Lokasyon ng Paaralan = 0.000). Ipinahihiwatig nito na ang performans ng mga mag-aaral ay naiimpluwensiyahan ng kanilang demographic profile at learning environment.

Sa edad, makikita na ang mga mag-aaral na 16–17 taong gulang ay may mas mataas na mean rank (191.93) kumpara sa mga 15 taong gulang pababa (150.39). Ipinahihiwatig nito na ang mas nakatatandang mag-aaral ay may mas mataas na antas ng maturity, mas mahusay na kakayahan sa pag-aaral, at mas epektibong pamamahala ng oras, na nagreresulta sa mas mataas na performans. Ang resulta ay kaayon ng pag-aaral ni Bernardo (2019) na nagsasabing ang akademikong pagganap ay produkto ng kombinasyon ng personal na kakayahan, maturity, at disiplina sa pag-aaral.

Pagdating sa kasarian, mas mataas ang performans ng mga babae (mean rank = 173.01) kumpara sa lalaki (mean rank = 140.61), na nagpapahiwatig na ang babae ay bahagyang mas nakapagtatamo ng mataas na marka o grado. Ito ay maaaring maiugnay sa kanilang mas maingat na pag-uugali sa pag-aaral, mas mataas na disiplina, at mas regular na pakikilahok sa mga aktibidad sa paaralan. Ang ganitong pagkakaiba ay sumusuporta sa ilang pag-aaral na

nagpakita ng bahagyang mas mataas na akademikong performans ng babae kumpara sa lalaki sa parehong antas ng edukasyon.

Sa aspeto ng lokasyon ng paaralan, mas mataas ang performans ng mga mag-aaral sa rural na paaralan (mean rank = 191.93) kumpara sa mga nasa urban na paaralan (mean rank = 150.39). Ipinahihiwatig nito na ang rural learning environment ay maaaring magbigay ng mas tahimik at mas nakatutok na kondisyon para sa pag-aaral, mas malapit na ugnayan sa guro, at mas kaunting distraksyon, na positibong nakaaapekto sa akademikong performans ng mag-aaral. Ang resulta ay kaayon ng mga pag-aaral na nagsasabing ang kapaligiran sa pagkatuto ay may malaking impluwensiya sa akademikong tagumpay ng mag-aaral (Bernardo, 2019).

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan 12 na may makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral batay sa edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan. Ipinapahiwatig nito na ang personal at environmental factors ay may mahalagang papel sa paghubog ng akademikong kakayahan ng mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay maaaring maging batayan ng mga guro at tagapamahala ng paaralan sa pagdisenyo ng mga programang pang-edukasyon na naaayon sa pangangailangan ng bawat grupo, upang mas lalo pang mapabuti ang kabuuang performans ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 6. Pagkakaiba sa Performans ng mga Mag-Aaral kung Ibabatay ayon sa Edad, Kasarian, at Lokasyon ng Paaralan.**

| **Categories** | **Mean Rank** | **Sum of Ranks** | **U-test** | **P-value** | **Interpretation** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Edad** | | | | | |
| 15 Taong Gulang Pababa | 150.39 | 35942.50 | 7262.50 | .000 | Makabuluhan |
| 16–17 Taong Gulang | 191.93 | 15738.50 | | | |
| **Kasarian** | | | | | |
| Lalaki | 140.61 | 16732.50 | 9592.50 | .002 | Makabuluhan |
| Babae | 173.01 | 34948.50 | | | |
| **Lokasyon ng Paaralan** | | | | | |
| Rural | 191.93 | 15738.50 | 7262.50 | .000 | Makabuluhan |
| Urban | 150.39 | 35942.50 | | | |

p<.05 (Makabuluhan) p>.05 (Di Makabuluhan)

**Pagkakaiba sa Performans ng Mga Mag-Aaral Kung Ibabatay Ayon sa Antas ng Edukasyon ng Ina at Layo ng Bahay sa Paaralan**

Ipinapakita sa Talahanayan 13 ang pagsusuri sa pagkakaiba ng akademikong performans ng mga mag-aaral batay sa antas ng edukasyon ng ina at layo ng bahay sa paaralan gamit ang H-test. Batay sa resulta, parehong hindi makabuluhan ang pagkakaiba sa dalawang kategorya,

dahil ang mga p-value ay mas mataas sa 0.05 (Antas ng Edukasyon ng Ina = 0.137; Layo ng Bahay sa Paaralan = 0.050). Ipinapahiwatig nito na ang performans ng mga mag-aaral ay hindi direktang naiimpluwensyahan ng antas ng edukasyon ng ina o ng distansya ng kanilang tirahan mula sa paaralan.

Sa detalye, makikita na ang mga mag-aaral na may inang nakatapos ng elementarya ay may pinakamataas na mean rank (193.92), samantalang ang mga mag-aaral na may inang nakatapos ng kolehiyo ay may pinakamababang mean rank (144.96). Bagama't may bahagyang pagkakaiba sa mean rank, ito ay hindi sapat upang maging makabuluhan, na nagpapahiwatig na ang edukasyonal na background ng magulang ay hindi palaging direktang salik sa akademikong performans ng mag-aaral. Ang resulta ay kaayon ng pag-aaral ni Tuazon (2021) na nagsasabing ang personal na kakayahan, motivation, at engagement ng mag-aaral sa pagkatuto ay mas malakas na determinante ng akademikong performans kaysa sa sosyo-edukasyonal na background ng pamilya.

Tulad din nito, ang pagsusuri batay sa layo ng bahay sa paaralan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na nakatira sa mas mababa sa 1 kilometro mula sa paaralan ay may mean rank na 150.56, habang ang mga mag-aaral na nakatira sa layong 7–10 kilometro ay may pinakamababang mean rank (131.17). Bagama't may bahagyang pagkakaiba sa ranggo, ang resulta ng H-test (p = 0.050) ay nagpapakita na hindi ito makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na ang distansya ng tirahan mula sa paaralan ay hindi hadlang sa akademikong tagumpay, marahil dahil karamihan sa mga mag-aaral ay may pantay na access sa mga learning resources sa paaralan, digital platforms, at suporta mula sa pamilya.

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan 13 na ang antas ng edukasyon ng ina at layo ng bahay sa paaralan ay hindi direktang nakaaapekto sa performans ng mag-aaral. Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na mas mahalaga ang personal na kakayahan, motivation, at engagement ng mag-aaral sa kanilang pagkatuto kaysa sa mga sosyo-demograpikong salik. Ang kaalamang ito ay mahalaga sa mga guro at tagapamahala ng paaralan upang magpatupad ng pantay at inclusive na mga estratehiya sa pagtuturo, na nakatuon sa kakayahan at pangangailangan ng bawat mag-aaral, anuman ang background ng pamilya o layo ng tirahan mula sa paaralan.

**Talahanayan 7. Pagkakaiba sa Performans ng mga Mag-Aaral kung Ibabatay ayon sa Antas ng Edukasyon ng Ina at Layo ng Bahay sa Paaralan.**

| Categories | Mean Rank | H-test | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| **Antas ng Edukasyon ng Ina** | | | | |
| Nakatapos ng Elementarya | 193.92 | 6.975 | .137 | Hindi Makabuluhan |
| Nakatapos ng Sekondarya | 164.01 | | | |
| Nakatungtong ng Kolehiyo | 167.96 | | | |
| Nakatapos ng Kolehiyo | 144.96 | | | |
| **Layo ng bahay sa paaralan** | | | | |
| Mas Mababa sa 1 Kilometro | 150.56 | 7.822 | .050 | Hindi Makabuluhan |
| 1–3 Kilometro | 174.31 | | | |
| 4–6 Kilometro | 148.33 | | | |
| 7–10 Kilometro | 131.17 | | | |

$p<.05$ (Makabuluhan) $p>.05$ (Di Makabuluhan)

**Impluwensiya ng Paggamit ng Social Media sa Performans ng mga Mag-Aaral**

Ipinapakita sa Talahanayan 14 ang pagsusuri sa ugnayan ng paggamit ng social media at performans ng mga mag-aaral gamit ang Spearman's Rho. Lumalabas na ang coefficient value ay -.030 na may p-value na 0.592, na nagpapahiwatig na ang relasyon sa pagitan ng dalawang variables ay hindi makabuluhan sa antas ng 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang lawak ng paggamit ng social media ng mga mag-aaral ay walang direktang impluwensiya sa kanilang akademikong performans.

Bagama't marami ang nagiging aktibo sa social media, ang negatibong maliit na coefficient ay nagpapakita na ang paggamit nito ay hindi nagpapabuti o nagpapababa sa kanilang marka sa pangkalahatan. Maaaring ipaliwanag ito sa pamamagitan ng konteksto ng paggamit ng social media: ang mga mag-aaral ay gumagamit nito hindi lamang para sa akademikong layunin kundi pati sa libangan, komunikasyon, at social engagement. Dahil dito, ang epekto nito sa performans sa pag-aaral ay nagiging minimal o hindi halata.

Dagdag pa rito, ang resulta ay nagpapahiwatig na ang social media ay isang neutral na kasangkapan—maaaring maging kapaki-pakinabang o distraksyon depende sa disiplina at pamamahala ng oras ng mag-aaral. Ipinapakita rin nito na ang akademikong performans ay mas malapit na nauugnay sa edad, maturity, motivation, at learning environment, kaysa sa simpleng lawak ng paggamit ng social media. Ipinapakita ng Talahanayan 14 na walang makabuluhang impluwensiya ang social media sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Gayunpaman, mahalaga pa rin na turuan ang mga mag-aaral ng responsable at produktibong paggamit ng social media, upang mas mapakinabangan ang positibong aspeto nito sa pagkatuto at hindi maging hadlang sa kanilang akademikong tagumpay.

Ang ganitong resulta ay kaayon ng pag-aaral nina Greenhow at Lewin (2020) at Sevilla at Balajadia (2021), na nagsasabing habang ang social media ay maaaring magsilbing alternatibong espasyo para sa pagkatuto, ang positibong impluwensiya nito ay nakadepende sa uri ng paggamit at self-regulation ng mag-aaral. Ang social media ay maaaring makatulong sa pagkuha ng impormasyon at collaboration sa akademiko, ngunit kung hindi ito nagagamit nang epektibo o napapabayaan ang oras ng pag-aaral, ang epekto nito sa performans ay maaaring negligible.

**Talahanayan 8. Impluwensiya ang Paggamit ng Social Media sa Performans ng mga Mag-Aaral.**

| Variables | Spearman's Rho Coefficient Value | p-Value | Interpretation |
|---|---|---|---|
| Paggamit Ng Social Media at Performans Ng Mga Mag-Aaral | -.030 | .592 | Hindi Makabuluhan |

$p < .05$ (Makabuluhan) $p > .05$ (Di Makabuluhan)

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan, ang sumusunod ay mga konklusyon:

1. Batay sa propayl ng mga tagatugon, ipinapakita na ang karamihan sa mga mag-aaral ay kabataan, mas maraming babae kaysa lalaki, at nag-aaral sa urban na lokasyon, na may inang may mataas na antas ng edukasyon. Ipinapakita nito ang pangkalahatang demograpikong kalagayan ng distrito ng Guimbal.
2. Ang social media ay malawakang ginagamit ng mga mag-aaral para sa iba't ibang layunin tulad ng edukasyon, libangan, pagpapahayag ng opinyon, at pakikipag-ugnayan sa kaibigan at pamilya, na nagpapakita ng kahalagahan nito sa araw-araw na pamumuhay ng kabataan.
3. Walang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng paggamit ng social media ng mga mag-aaral batay sa edad, kasarian, antas ng edukasyon ng ina, lokasyon ng paaralan, o distansya ng tirahan mula sa paaralan. Ipinapahiwatig nito na ang social media ay pantay-pantay at normalisado sa lahat ng mag-aaral.
4. Ang performans ng mga mag-aaral ay naitala sa antas na Mahusay at nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba batay sa edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan. Ipinapakita nito na ang maturity at learning environment ay may mahalagang papel sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral.

5. Walang makabuluhang impluwensiya ang lawak ng paggamit ng social media sa performans ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na bagamat araw-araw itong ginagamit, hindi ito direktang nakakaapekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral.
6. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpatunay na ang social media ay pangunahing kasangkapan para sa libangan at komunikasyon, ngunit ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay higit na naiimpluwensiyahan ng edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan kaysa sa paggamit ng social media.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at konklusyon, inirerekomenda ang sumusunod:

1. Ang mga guro at paaralan ay dapat hikayatin ang paggamit ng social media bilang educational tool sa maayos at kontroladong paraan upang mapalawak ang kaalaman ng mag-aaral.
2. Mahalaga ang pagbibigay ng gabay sa mag-aaral sa responsableng paggamit ng social media, kabilang ang pagsusuri ng impormasyon at wastong pakikilahok sa online na diskurso.
3. Ang mga programa at workshop sa time management at study skills ay makakatulong upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng social media at akademikong gawain.
4. Ang mga magulang ay dapat maging aktibong gabay sa paggamit ng social media ng kanilang mga anak upang masiguro ang positibong epekto sa pagkatuto.
5. Maaaring magsagawa ng susunod na pag-aaral upang tuklasin ang epekto ng uri ng social media engagement (edukasyonal vs libangan) sa akademikong performans.
6. Ang mga paaralan ay maaari ring magpatupad ng integrated digital literacy programs upang mapahusay ang paggamit ng social media bilang kasangkapan sa pagkatuto.

**TALASANGGUNIAN**


1. Alonzo, M. C., & Andres, K. G. (2020). Social Media and Language Practices Among Filipino Senior High School Students. Philippine Journal of Education, 95(1), 45–60.
2. Alvarado, L. F. (2020). Ang Kahalagahan ng Social Media sa Pagtuturo ng Mga Matematika at Agham: Perspektibo ng mga Mag-aaral. Cavite: University of Cavite Press.

3. Bernardo, A. B. (2019). Academic Performance of High School Students in the Philippines: A Cognitive and Sociocultural Perspective. Philippine Journal of Psychology, 52(2), 45–66.
4. Blattner, G., & Fiori, M. (2020). Facebook in the language classroom: Promises and possibilities. International Journal of Instructional Technology and Distance Learning, 6(1), 17–28. Retrieved from http://www.itdl.org
5. Boyd, D. & Ellison, N. (2020). Social Network Sites: Definition, History, and Scholarship. Journal of Computer-Mediated Communication.
6. Boyd, D. M., & Ellison, N. B. (2020). Social Network Sites: Definition, History, and Scholarship. Journal of Computer-Mediated Communication, 13(1), 210–230.
7. Cruz, F. (2020). Wika sa Digital na Panahon: Isang Pagsusuri sa Paggamit ng Filipino sa Social Media. Journal of Philippine Communication, 12(1), 45–59.
8. Cruz, L. A. (2020). Digital Identity and Language Use Among Filipino Youth in Social Media. Philippine Linguistics Journal, 8(3), 58–74.
9. Dela Cruz, C. (2022). Social Media: Banta o Pagkakataon sa Wikang Filipino? Philippine Journal of Language Studies.
10. Dela Cruz, M. J. (2021). Social Media bilang Midyum ng Pagpapahayag ng Wikang Filipino. Journal of Filipino Communication, 7(1), 44–56.
11. Dela Cruz, M. V. (2021). Pagtangkilik ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino sa Social Media: Isang Pagsusuri. Quezon City: Philippine Normal University Press.
12. Gonzales, A. B. (2021). Wika at Midya: Ang Papel ng Social Media sa Kontemporaneong Komunikasyon. Journal of Filipino Communication, 14(2), 22–35.
13. Gonzales, M. (2021). Pagpapalaganap ng Wikang Filipino sa Digital Platforms: Isang Pananaliksik sa Hashtag Culture. Philippine Journal of Language and Society, 15(2), 78–94.
14. Greenhow, C., & Lewin, C. (2020). Social media and education: Reconceptualizing the boundaries of formal and informal learning. Learning, Media and Technology, 41(1), 6–30. https://doi.org/10.1080/17439884.2015.1064954
15. Javier, M. & Roldan, P. (2019). Digital Media at Kultura ng Wika sa Panahon ng Makabagong Komunikasyon. Tomas Publishing.
16. Junco, R. (2020). The relationship between frequency of Facebook use, participation in Facebook activities, and student engagement. Computers & Education, 58(1), 162–171. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2011.08.004

17. Katz, E., Blumler, J. G., & Gurevitch, M. (1974). Utilization of Mass Communication by the Individual. In J. G. Blumler & E. Katz (Eds.), The Uses of Mass Communications: Current Perspectives on Gratifications Research (pp. 19–32). Beverly Hills: Sage.
18. Komisyon sa Wikang Filipino (2021). Patnubay sa Korespondensiya Opisyal.
19. Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Ortograpiyang Pambansa. KWF Publication.
20. Lumbera, B. (2020). Wika sa Panahon ng Teknolohiya. University of the Philippines Press.
21. Lumbera, B. (2020). Ang Wikang Filipino sa Panahon ng Social Media. Sentro ng Wikang Filipino.
22. Manca, S., & Ranieri, M. (2020). Facebook and the others. Potentials and obstacles of Social Media for teaching in higher education. Computers & Education, 95, 216–230. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2020.01.012
23. Mendoza, J. (2023). Gamitin ang Social Media sa Klasrum: Isang Panukala para sa Wikang Filipino. Edukasyong Filipino Review.
24. Pempek, T. A., Yermolayeva, Y. A., & Calvert, S. L. (2020). College students' social networking experiences on Facebook. Journal of Applied Developmental Psychology, 30(3), 227–238. https://doi.org/10.1016/j.appdev.2008.12.010
25. Pineda, C. G. (2022). Paggamit ng Social Media sa Pagtuturo ng Wikang Filipino: Mga Hamon at Oportunidad. Manila: De La Salle University Press.
26. Reyes, L. P. (2022). Wikang Filipino at Ang Digital na Panahon: Isang Kritikal na Pagsusuri. Journal of Language and Media Studies, 10(2), 88–104.
27. Reyes, R. A. (2020). Ang Pagpapalaganap ng Wikang Filipino sa Digital na Plataporma: Isang Pagsusuri sa mga Kabataan. Davao: Ateneo de Davao University Press.
28. Rogers, E. M. (2020). Diffusion of Innovations (5th ed.). Free Press.
29. Rogers, E. M. (2020). Diffusion of Innovations (5th ed.). Free Press.
30. Salazar, Z. (2020). Kulturang Popular at Wikang Filipino sa Social Media. Suri: Interdisciplinary Journal of Social Research, 12(3), 45–59.
31. Salazar, Z. (2020). Wika, Identidad, at Digital na Lipunan. Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.
32. Santiago, J. A. (2020). Ang Epekto ng Social Media sa Komunikasyon at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Sekundarya. Manila: University of the Philippines Press.
33. Santos, A. & Cabrera, L. (2021). Ang Gamit ng Social Media sa Pagsulong ng Wikang Filipino sa mga Kabataan. Unibersidad ng Pilipinas.

34. Santos, M. A. (2022). Pananaliksik sa Wika at Kulturang Popular. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
35. Sevilla, J. M., & Balajadia, G. P. (2021). Social Media Use and Academic Behavior of Senior High School Students in Metro Manila. Journal of Education and Learning, 12(4), 110–120.
36. Tess, P. A. (2020). The role of social media in higher education classes (real and virtual) – A literature review. Computers in Human Behavior, 29(5), A60–A68. https://doi.org/10.1016/j.chb.2021.12.032
37. Wang, Q., Woo, H. L., Quek, C. L., Yang, Y., & Liu, M. (2021). Using Facebook for teaching and learning: A review of the literature. International Journal of Continuing Engineering Education and Life-Long Learning, 22(1), 24–42. https://doi.org/10.1504/IJCEELL.2021.044718